# Ang Tinapay Ng Buhay



Lingguhang Pagkain

Issue 9



**"Narinig ito ni Jesus, at siya ang sumagot, "Hindi nangangailangan ng manggagamot ang walang sakit, kundi ang maysakit. Naparito ako upang tawagin ang mga makasalanan, hindi ang mga banal."**

**Marco 2:17**

## IYO BANG NAUNAWAAN?

**"[3]Noong nasa Betania si Jesus, sa bahay ni Simong ketongin, samantalang siya'y kumakain, dumating ang isang babaing may dalang isang sisidlang alabastro na puno ng mamahaling pabango-ito'y dalisay na nardo. Binasag niya ang sisidlan at ang pabango'y ibinuhos sa ulo ni Jesus. [4]Nagalit ang ilang naroroon, at sila'y nag usap-usap, "Ano't inaksaya ang pabango? [5]Maipagbibili sana iyon nang higit pa sa 300 denaryo, at maibibigay sa mga dukha ang pinagbilhan!" At sinisi nila ang babae. [6]Ngunit sinabi ni Jesus, "Bakit ninyo siya ginugulo? Pabayaan ninyo siya! Mabuti ang ginagawa niyang ito sa akin. [7]Habang panaho'y kasama ninyo ang mga dukha, at anumang oras na inyong ibigin ay magagawan ninyo sila ng mabuti. Ngunit ako'y hindi ninyo kasama sa habang panahon. [8]Ginawa niya ang kanyang makakaya-hindi pa ma'y binusan na niya ng pabango ang aking katawan bilang paghahanda sa paglilibing sa akin. [9]Sinasabi ko sa inyo: saanman ipangaral ang mabuting balita, mababangit din naman ang ginagawa niyang ito bilang pag-aalaala sa kanya."** ***Marcos 14:3-9***

Ipagpalagay na ito ay isang palabas. Nakaaaliw! Ang isang babae'y nagpahid ng mamahaling pabango sa isang ordinayong tao tanda ng kanyang pagkilala -kay Jesus. Subalit, ganap mo bang naunawaan? Ang pangyayaring ito sa buhay ni Jesus ay nag-iwan ng maling impresyon sa mga nakapanood:

1.) ***<u>Itinuring na pagsasayang ng salapi:</u>*** Ang pagbuhos ng mamahaling pabango sa ulo ni Jesus ay sinabing pagsasayang o pagtatapon ng salapi. Sa halip, sana ay itinulong na lamang sa mga dukha o sa pamilya at kaibigan ang halagang katumbas ng pabango. Dahil ang pagtulong at pagbibigay sa nangangailangan ay isang pagsunod kay Jesus. Ngunit ating suriin: Ang ibinuhos ng babae na mamahaling pabango ay sarili niyang pag-aari at hindi sa iba. Inihandog ng babae ang mayroon siya at mahalaga sa kanya.

**2.)** ***<u>Itinuring na gawa ng makasalanan:</u>*** Sinabi ni Jesus, **"Ako ay naparito di para sa mga matuwid kundi para sa mga**

**makasalanan." (Mateo 9:13)** Sa aklat ni Lucas, nakasaad na ang babaeng nagpahid ng pabango kay Jesus ay isang makasalanan. *(Lucas 7:36-50)* Layunin ni Jesus na ituwid ang mga naliligaw ng landas katulad sa babaeng ito. At ang ginawa ng babae ay tanda ng pagtalikod niya sa kasalanan at pagkilala at pagtanggap niya kay Jesus na Panginoon. Ngunit sa halip na matuwa ang mga naroon ay nayamut at nagalit ang iba. Sinabi ni Jesus, **"Bakit ninyo siya ginugulo? Pabayaan ninyo siya! Mabuti ang ginagawa niyang ito sa akin. Saanman ipangaral ang mabuting balita, mababangit din naman ang ginagawa niyang ito bilang pag-aalaala sa kanya."**

a) ***<u>Bilang pag-alaala sa pagpatawad sa kanya</u>:*** Ang kasalanan ay mga bagay na labag sa Diyos tulad ng poot, galit, paging makasarili, pagmamalaki, paglaban, pagnanakaw, sabwatan, pagsisinungaling, pakikiapid at iba pa.

   Pakikiapid ang usig sa babaeng ito. Ngunit siya'y ganap na nagsisisi at di lamang paghinto sa maling gawi ang kanyang ninais kundi humingi siya ng kapatawaran sa Diyos. **Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon." (Roma 6:23)** Ang babae ay pinatawad ni Jesus ng walang paghuhusga o kaparusahan. **"Kaya nga hindi na hahatulang maparusahan ang mga nakipag-isa kay Cristo Jesus." (Roma 8:1)** Mula sa kasalanan siya ay napatawad at naligtas. Ito ang dahilan na nagtulak sa kanya na maghandog ng pinakamamahaling bagay na kaniyang sariling pagmamay-ari.

b) ***<u>Bilang tanda ng pagpatawad sa kanya:</u>*** **"Kaya't sinasabi ko sa iyo, ang malaking pagmamahal na ipinamalas niya ang nagpapatunay na ipinatawad na ang marami niyang kasalanan; ngunit ang pinatawad ng kaunti ay kaunti lang ang pagmamahal na ipinamamalas. Saka sinabi sa babae, 'Ipinatawad na ang iyong mga kasalanan'." (Lucas 7:47-48)** Si Jesus na nagpatawad sa babae at ang pangyayaring ito ay pinagbulungan ng mga tao sapagkat tanging Diyos lamang ang nagkakaloob ng kapatawaran. Si Jesus ay may kapangyarihang gawin ito sapagkat siya ay Diyos. Siya ay mula sa langit upang iligtas ang sanlibutan sa kasalanan at kamatayan. Si Jesus ay nag-katawang tao, inialay ang sarili, at tapat hangang kamatayan. Ang kamatayan Niya sa krus ay tanging nagbibigay kaligtasan sa mga makasalanan. Ayon kay Jesus, ang ginawa ng babae ay paghahanda sa paglilibing sa Kanya. Ang babae ay nanampalataya kay Jesus na Siyang may kapangyarihang magpatawad at Haring magliligtas. Sinabi ni Jesus, **"Iniligtas ka ng iyong pananalig; yumaon ka na't ipinatag mo ang iyong kalooban." (Lucas 7:50)**

*Kapatid,* kung ang mensahe ay para sa iyo, o sa sinumang nagkakasala, ngayon din ay kinakailangan mong magsisi at tanggapin si Jesus bilang Tagapagligtas. **"Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay Niya ang kanyang bugtong na anak, upang ang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapapahamak, kundi magkakaroon ng buhay na walang hangang." (Juan 3:16)** Ikaw ay may pagkakataong magbago sa pamamagitan ni Cristo Jesus.

*Minamahal:* Hangad ko na ikaw'y sumunod kay Jesus, katulad ng babaeng nabangit na nagsisi, nagbago at pag-alay kay Jesus sa abot ng kanyang makakaya. *Ito'y isang panalangin:* **"Ama sa Langit, patawarin mo po ako sa aking kasalanan. Tinatanggap ko si Jesus na namatay sa krus para sa aking kapatawaran. Panginoong Jesus, manahan ka po sa aking buhay bilang aking Diyos at Hari. Itinataas ko ang buhay kong ito upang ibigay ang abot ng aking makakaya sa pagsamba sa Iyo. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus."** ***Amen.***